PINOY RICE KNOWLEDGE BANK
www.pinoyrice.com

HANDOUT series

For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
www.philrice.gov.ph | **www.pinoyrice.com**

Tamang Panahon at Paraan ng Pag-aani

Ang maagang pag-aani ay nagdudulot ng pagkapulbos ng mga butil at ang huling pag-aani naman ay nagreresulta sa sobrang pagkatuyo kung kaya't nadudurog ang mga butil.

Ipinapayong giikin kaagad ang inaning palay.

Anihin ang palay kung 80% ng mga butil sa uhay ay hinog na.

Tamang Paraan ng Pag-aani

- Bago mag-ani, huwag nang magpatubig 10-14 araw bago mag-ani.
  - ◊ Mas maganda ang kalidad ng palay at mas mabilis at madali ang pag-aani kung tuyo ang bukid lalo na kung gagamit ng makina.
  - ◊ Maiiwasan din ang pagkabasa ng mga butil at mas mababa ang halumigmig na siyang nakasisira sa palay kung tuyo ang bukid bago umani.
- Igsian lamang ang putol sa uhay kung de-makinang panggiik ang gagamitin at habaan naman kung hampasan.
- Iwasang iwanan sa bukid ang palay ng mahigit sa isang araw upang di masobrahan ang pagkatuyo ng palay na nasa ibabaw ng bunton.

Pinaghalawan: Q&A ukol sa Postproduction, PhilRice

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice